

 <input checked="" type="checkbox"/> PATAKARAN/PAMAMARAAN <input type="checkbox"/> PAMAMARAANG NAKASUNOD SA PAMANTAYAN <input type="checkbox"/> PLANO <input type="checkbox"/> PANUNTUNAN	KASALUKUYANG PETA NA MAY BISA	PETA NG PAGKAKABAGO	MANWAL: Patakarang Sentro TRACKING # CPM _____
	TITULO: PATAKARAN SA MAKATWIRANG PAGPEPRESYO (OSPITAL & MGA DOKTOR NA PANG-EMERHENSIYA)		
ISINASAGAWA NG: Lahat ng responsableng mga departamento ng RCHSD at RCSSD, kabilang ang Ikot ng Kita, Mga Serbisyong Pinansyal sa Pasyente, Akses ng Pasyente at Mga Tagapayong Pinansyal.			

1.0 LAYUNIN:

Upang itatag ang Rady Children's Hospital- San Diego (Hospital) at Rady Children's Specialists of San Diego, A Medical Foundation (Pundasyong Medikal) Hospital at Patakarang sa Makatwirang Pagpepresyo sa Doktor na Pang-Emerhensiya (FPP). Ang Ospital at Pundasyong Medikal, kapag pinagsama, ay tinutukoy bilang "Rady's Children" sa dokumentong ito.

2.0 MGA KAHULUGAN:

Ang "**Mga Halagang Sinisingil sa Pangkalahatan (AGB)**" ay nangangahulugang ang pamamaraan sa pagsusuri sa nakaraan na ginagamit ng Rady Children's upang kalkulahin ang isang limitasyon sa mga singil sa mga kalahok sa Programa sa Tulong Pinansyal.

Ang "**Master ng Paglalarawan ng Singil**" ay nangangahulugang isang pare-parehong talaan ng mga singil na ipinapakita ng Rady Children's sa publiko bilang kanyang kabuuang sinisingil na halaga para sa isang tinukoy na serbisyo o item, kabilang ang para sa mga grupong batay sa dayagnosis, nang hindi isinasaalang-alang ang tagapagbayad.

Ang "**Doktor na Pang-Emerhensiya**" ay nangangahulugang isang doktor na pinagtibay na kasapi ng mga Kawaning Pangmedikal ng Ospital at kinokontrata ng Ospital upang magbigay ng mga pang-emerhensiyang serbisyong medikal sa departamento ng emerhensiya (ED). Ang "Doktor na Pang-Emerhensiya" ay hindi sumasaklaw sa espesyalistang doktor na pinapapunta sa ED o kabilang sa mga kawani, o mayroong mga pribilehiyo bilang kawani, sa Ospital sa labas ng ED.

Ang "**Programang sa Tulong Pinansyal**" ("**FAP**") ay nangangahulugang ang programa ng Rady Children's na dinisenyo upang tumulong sa mga Pasyenteng Kwalipikado batay sa Pinansyal na Katayuan sa pagkamit ng mga Nakadiskwentong Pagbabayad o Pangangalagang

Pangkawanggagawa para sa mga serbisyong Pang-Ospital at mga serbisyo ng mga Doktor na Pang-Emerhensiya.

Ang "**Pampribadong Bayad**" ay nangangahulugang ang pasyente ay alinman sa 1) pinipiling magbayad para sa mga serbisyo nang hindi gumagamit ng ikatlong partidong pagkakasakop o 2) ang pananagutang pinansyal ng pasyente/Tagapanagot matapos ang kapasyahan tungkol sa Ikatlong Partidong Tagapagbayad.

Ang "**Pasyenteng Nagbabayad para sa Sarili**" ay nangangahulugang isang pasyente na walang pagsasakop ng ikatlong-partido mula sa isang tagapag-insure sa kalusugan, plano sa serbisyong pangangalagang pangkalusugan, Medicare, o Medicaid, na may tinamong pinsala na hindi isang pinsalang mababayaran sa diwa ng kabayaran sa manggagawa, sa insurance ng sasakyan, o iba pang insurance na tinukoy at iniulat ng Ospital.

Ang "**Hindi Naka-Insure na Tao**" ay nangangahulugang Pasyenteng Nagbabayad Para Sa Sarili na walang pangkalusugang pagsasakop ng ikatlong partido, magkwalipika man o hindi ang taong ito para sa pangangalagang libre o nakadiskwento sa ilalim ng Programa sa Tulong Pinansyal ng Rady Children's.

3.0 PATAKARAN:

Patakaran ng Rady Children's na tumulong sa mga bata sa pagkamit ng dekalidad na pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng pagtatatag ng makatuwiran at malinaw na mga gawi sa pagpepresyo para sa mga serbiyso sa Ospital at Doktor na Pang-Emerhensiya, sang-ayon sa mga na batas at regulasyon ng California at pederal na gobyerno.

4.0 MGA PAMAMARAAN:

4.1 Programa sa Tulong Pinansyal. Pananatilihin ng Rady Children's ang maliwanag na mga patakaran at pamamaraang nakasulat tungkol sa nakadiskwentong pagbabayad at pangangalagang pangkawanggawa para sa mga pasyenteng kwalipikado batay sa pinansyal na katayuan. Matatagpuan ang mga ito sa patakaran sa Programa sa Tulong Pinansyal.

4.2 Chargemaster/CDM. Ang Rady Children's ay:

4.2.1 Gagawa ng nakasulat o elektronikong kopya ng kasalukuyan nitong master ng paglalarawan ng singil (CDM o "Chargemaster") na magagamit ng publiko, sa pamamagitan ng pagpost at/o sa pamamagitan ng pagtitiyak na ang nakasulat o elektronikong bersyon ay magagamit sa ospital sa Departamento ng mga Serbisyong Pinansyal sa Pasyente (PFS).

4.2.2 Magpopost ng malinaw at hayag na abiso sa kanyang departamentong pang-emerhensiya (ED), PFS, at napupuntahan ng publiko na mga opisina ng pagtanggap/gloryeta/bintana at opisina sa paniningil na ang CDM ay matatagpuan sa PFS.

4.2.3 Gagawing magagamit, kasama ng CDM, ang impormasyon hinggil sa

kung saan makakakuha ng mga datos sa pag-aaral sa kalidad at kinalabasan ng ospital ng OSHPD at ang impormasyon sa sarbey ng The Joint Commission.

4.2.4 Babaguhin ang CDM nito nang taunan.

4.2.5 Kapag hiniling ng sinumang tao, magbibigay ng kopya ng taunang listahan ng mga karaniwang bayarin sa ospital sa California ng Opisina ng Pagpapalano at Pagpapaunlad sa Kalusugan sa buong Estado ng California.

4.2.6 Kapag hiniling ng sinumang tao, magbibigay ng impormasyon hinggil sakanyang Programa sa Tulong Pinansyal, ang taong kokontakin tungkol sa programa, at ang form sa aplikasyon, alinsunod sa patakaran sa Programa sa Tulong Pinansyal ng Rady Children's.

4.3 Mga Tantiya. Ang Rady Children's ay:

4.3.1 Kapag hiniling ng isang Taong Hindi Naka-insure, sa panahon ng karaniwang mga oras ng pagnenegosyo at hindi kasama ang mga serbisyong pang-emerhensiya, magbibigay ng isang nakasulat na tantiya ng halagang babayaran ng isang tao para sa mga serbisyo at suplay na makatwirang inaasahang kakailangan para sa pangangalaga sa taong iyon.

4.3.2 Hindi ipapalagay na ang tao ay magkakwalipika para sa Programa sa Tulong Pinansyal kapag naghahanda ng paunang nakasulat na tantiya ng mga serbisyo. Babaguhin ng Rady Children's ang tantiya kung ang tao ay magkakwalipika sa mga susunod na panahon sa ilalim ng Programa sa Tulong Pinansyal.

4.3 Mga Kinakailangang Abiso. Sa ika-1 ng Hulyo ng bawat taon, ang Rady Children's ay magsusumite sa OSHPD ng:

- (a) isang kopya ng kanyang CDM mula ika-1 ng Hunyo ng taong iyon;
- (b) ang kalkuladong tantiya, kasama ng mga sumusuportang dokumentasyon, ng porsiyentong pagbabago sa kabuuang singil dahil sa mga pagbabago sa presyo sa loob ng 12 buwan simula sa petsa ng pagiging epektibo ng naunang CDM na sinumite sa OSHPD; at
- (c) isang listahan ng kanyang mga karaniwang singil para sa 25 pinakakaraniwang outpatient procedures mula ika-1 ng Hunyo ng taong iyon.

4.4 Mga Halagang Sinisingil sa Pangkalahatan. Sa lahat ng kaso, ang Rady Children's ay sisiguraduhing ang kanyang mga singil sa mga kalahok sa Programa sa Tulong Pinansyal ay limitado sa mga "halagang sinisingil sa pangkalahatan (AGB)" sa mga indibidwal na mayroong pagkakasakop sa insurance.

4.4.1 Gagamitin ng Rady Children's ang sumusunod na pamamaraan upang kalkulahan ang AGB:

Ipapatupad ang isang taunang look-back na pamamaraan (retrospective) na pagsusuri, matapos ang pagsasara ng nakaraang piskal na taon, batay sa aktwal na mga nakaraang kahilingang nabayaran sa Ospital ng bayad-para-sa-serbisyo ng Medicare kasama ang lahat ng mga pribadong taga-insure.

4.4.2 Gagamitin ng Rady Children's ang AGB alinsunod sa patakaran sa Programa sa Tulong Pinansyal.

4.5 Diskwento sa Maagap na Pagbabayad. Ang Rady Children's ay mag-aalok sa lahat ng mga pasyenteng Pribadong Nagbabayad ng diskwento sa maagap na pagbabayad tulad ng sumusunod:

4.5.1 Ang mga pasyente ay dapat ipahiwatig na sila ay Pribadong Nagbabayad upang kilalanin ng Rady Children's bilang Pribadong Nagbabayad sa panahon ng serbisyo.

4.5.2 Iaalok ang 25% diskwento sa naaangkop na (mga) halaga ng CDM. Ito ay tinatawag na "Nakadiskwentong Halaga para sa Maagap na Pagbabayad."

4.5.3 Ang pagbabayad nang buo ng Nakadiskwentong Halaga para sa Maagap na Pagbabayad ay dapat na gawin sa panahon ng serbisyo o sa iba pang petsa at oras kung kailan maiaalok ng Rady Children's ang diskwento sa pasyente/Tagapanagot.

5.0 MGA FORM:

Ang CDM, inilimbag sa <http://www.oshpd.ca.gov/chargemaster/>.

6.0 MGA KAUGNAY NA PATAKARAN:

Programa sa Tulong Pinansyal, CPM7-11
Paniningil & Pangongolekta ng Utang, CPM ____

7.0 MGA SANGGUNIAN:

California AB 774 (2007), AB 1503 – Kabanata 445 (2010), SB 1276 – Kabanata 758 (2014)–
Batas sa mga Polisiya sa Makatwirang Papepresyo ng Ospital (Kodigo sa Kalusugan &
Kaligtasan 127400-127446)

Titulo 22, Kodigo ng mga Regulasyon sa California, §§ 96005-96020, 96040-96050
Oshpd.ca.gov/HID/Products/Hospitals/Chrgmstr

Kodigo sa Kalusugan & Kaligtasan §§ 1339.55, 1339.56, 1339.59, 1339.585& 128770

Batas sa Proteksyon at Abot-Kayang Pangangalaga ng Pasyente

Seksyon 501 (r) ng Kodigo sa Internal na Kita